

APPLICATION

- Napagpasyahan mo na bang sumunod sa Diyos? Kasama ang isang pinagkakatiwalaang tao, ipanalangin na maibigay mo ang iyong buhay upang sundin ang Kanyang kagustuhan at malaman mo ang itinadhana Niya para sa iyo.
- Sino ang mga tao sa paligid mo na alam mong tunay na nagmamalasakit sa iyo? Makinig sa kanila nang may pagpapakumbaba. Sa ganito ring paraan, huwag mag-atubiling itama ang mga pinamumunuan mo kung kinakailangan, makinig man sila sa iyo o hindi.
- Ano ang mga plano mo para sa sarili mong buhay? Ibigay ang mga planong ito sa Diyos.

PRAYER

- Ipanalangin na gabayan ka ng Espiritu habang ginagawa mo ang mga desisyon na magdadala ng pagbabago sa susunod na henerasyon. Hingin sa Diyos na ibigay sa iyo ang Kanyang kalakasan upang maisakatuparan mo ang Kanyang mga utos.
- Pasalamatan ang Diyos sa mga pangunahin mong ugnayan, kasama Siya at ang mga taong maaaring magsabi sa iyo ng mga dapat mong ituwid kung kinakailangan. Ipanalangin na bigyan ka Niya ng karunungan upang patatagin ang mga ugnayang ito at makatanggap ka ng pagtutuwid nang may pagpapakumbaba.
- Ipanalangin ang biyaya ng Diyos upang magawa mong isuko ang lahat ng iyong plano sa Kanyang dakilang kalooban. Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga tao na gusto Niyang ipanalangin mo at tulungan na magpasakop din sa Kanyang kagustuhan.

GENERATIONSHIP

Saul at Jonatan

WEEK 1

WARM-UP

- Ano ang isang mahalagang pagbabago na pinagdaanan mo?
- Naranasan mo na bang makatanggap ng magkasalungat na utos? Paano ka tumugon dito?
- May nasabi ka ba nang dahil sa galit na pagkatapos ay pinagsisihan mo? Bakit mo ito pinagsisihan?

WORD ¹³*"Narito na ngayon ang pinili ninyong hari. Tingnan ninyo! Hiningi ninyo siya at ibinigay siya sa inyo ng Panginoon.* ¹⁴*Kung kayo at ang hari ninyo ay mamumuhay nang may takot sa Panginoon, susunod sa mga utos niya, at maglilingkod sa kanya, walang masamang mangyayari sa inyo."* **1 SAMUEL 12:13,14**

Sinabi ni Samuel sa kanya, "Inalis na sa iyo ngayon ng Panginoon ang kaharian ng Israel at ibinigay ito sa iba – sa isang tao na mas mabuti kaysa sa iyo."

1 SAMUEL 15:28

Ang mga talatang ito ay nagpapakita ng magkasalungat na pahayag. Habang ipinapahayag sa ika-12 kabanata ang pangako ng Diyos na bibiyayaan Niya ang pagsunod ng mga Israelita, ang ika-15 kabanata naman ay nagpapahayag na tinanggal na Niya ang Kanyang pagpapala kay Saul. Ito rin ang pagpapala na ibinigay ng Diyos kay David, na siya namang magiging hari kapalit ni Saul. Ito ang pangakong ibinigay ng Diyos sa bawat henerasyon ng Kanyang mamamayan. Habang si David ay sumusunod sa kautusan ng Diyos, kabaligtaran naman ang ginagawa ni Saul. Bagama't naging maganda ang kanyang simula, hindi niya naipasa nang maayos ang kanyang pamumuno at pagiging hari sa susunod na henerasyon— maging kay David man o sa sarili niyang anak na si Jonatan. Sa dulo ng kanyang pamumuno, si Saul at ang kanyang anak na si Jonatan ay nauwi sa isang malagim na kamatayan at ang kaharian ay naipasa sa iba. Ang "generationship" ay isang salitang binuo natin upang

tukeyin ang ugnayan sa pagitan ng dalawang henerasyon, at kung paano nagkakaroon ng isang malaking epekto ang mga pinipili natin at ang ating ugnayan sa Diyos sa susunod na henerasyon. Bagama't ang buhay ni Saul ay hindi kakikitaan ng maraming magagandang pangyayari, tingnan natin ang pagpapasyang ginawa niya sa kanyang pamumuhay sa piling ng Diyos na nagkaroon ng epekto sa mga sumunod na henerasyon.

1 | Si Saul ay hindi sumunod sa Diyos.

¹⁷Sinabi ni Samuel, “. . . ¹⁹Pero bakit hindi ka sumunod sa Panginoon? Bakit dali-dali ninyong sinamsam ang mga ari-arian nila? Bakit mo ginawa ang masamang bagay na ito sa Panginoon?” . . . ²⁴Sinabi ni Saul kay Samuel, “Nagkasala ako; hindi ko sinunod ang mga turo mo at ang utos ng Panginoon. Natakot ako sa mga tao, kaya sinunod ko ang gusto nilang mangyari.” **1 SAMUEL 15:17,19,24**

(Basahin din ang **1 SAMUEL 15.**)

Sa Lumang Tipan, ang Diyos ay kadalasang nakikipag-usap sa Kanyang mamamayan sa pamamagitan ng mga propeta. Si Samuel ang propeta na ginamit ng Diyos upang makipagusap kay Saul. Makikita natin dito na sinuway ni Saul ang utos ng Diyos na ganap na ubusin ang kanilang mga kaaway. Sa halip, itinabi niya para sa kanyang sarili ang ilan sa kanilang nasamsam sa mga kaaway. Inamin niya na ito ay dahil mas natakot siya sa mga tao kaysa sa Diyos. Ipinapakita ng ika-26 na talata na si Saul ay nawalan ng tiwala sa Diyos. Dahil sa kanyang pagsuway, hindi na siya mananatili bilang hari ng Israel. Paano tayo maaapektuhan ng mga tinig na naririnig natin sa mundo upang suwayin ang tinig ng Diyos?

2 | Hindi iningatan ni Saul ang kanyang mga pangunahing relasyon.

Mula noon, hindi na nagpakita si Samuel kay Saul hanggang sa mamatay si Samuel. Pero nagdalamhati siya para kay Saul. Nalungkot ang Panginoon na ginawa niyang hari ng Israel si Saul.

1 SAMUEL 15:35

Matapos ang pagsuway ni Saul sa Panginoon (1 Samuel 15:26), si Samuel ay lumisan din dahil inakay na siya ng Panginoon tungo sa susunod na hari. Hindi lamang siya nilisan ni Samuel, muntik na rin niyang saktan ang kanyang sariling anak na si Jonatan dahil sa matinding galit (1 Samuel 20:33) dahil sa inggit niya kay David, isang sundalong pinararangalan, isang pinuno, manugang niya, at malapit na kaibigan ni Jonatan. Mahalaga para sa atin ang bantayan ang ating mga pangunahing relasyon. Ito ang mga tao sa ating paligid na tunay nating kaibigan at tagapagturo, na hindi natatakot sabihin sa atin ang kailangan nating marinig. Kailangan din nating pangalagaan ang ating ugnayan sa mga sususunod sa atin, ang susunod na henerasyon, nang walang pagkakaroon ng paborito at inggitan. Ano ang mga pangunahing relasyon sa paligid mo na kailangan mong pangalagaan?

3 | Hindi nagpasakop si Saul sa plano ng Diyos para sa susunod na henerasyon.

³⁰Galit na galit si Saul kay Jonatan. Sinabi niya, “Isa kang suwail na anak! Alam kong kinakampihan mo si David. Ipinahiya mo ang iyong sarili at ang iyong ina. ³¹Habang nabubuhay si David na anak ni Jesse, hindi ka magiging hari. Kaya kunin mo siya ngayon at dalhin sa akin. Dapat siyang mamatay.” **1 SAMUEL 20:30,31**

Matapos ihayag ng Diyos na Kanyang aalisin ang pagiging hari mula kay Saul at ililipat ito kay David, tinangka pa rin ni Saul na mapanatili ang kaharian para sa kanyang sarili at sa kanyang anak. Ang isa sa mga bagay na kailangan nating matutunan ay ang magpasakop sa plano ng Diyos, gaano man ito kasakit. Ang isa pang aral ay ang magtiwala na ang Diyos ay nangungusap din sa susunod na henerasyon. Alam ni Jonatan na si David ay pinagpala ng Diyos. Paano kaya nagawang makatulong ni Saul sa paglipat ng pamumuno sa haring pinili ng Diyos sa halip na saktan ang kanyang sarili at ang mga nakapaligid sa kanya? May mga plano ka ba na ipinagpilitan mong mangyari na humantong din sa pagsuko mo sa kagustuhan ng Diyos?